**UNIBERSIDAD NG PILIPINAS MANILA**

**WIKA 1: Wika, Kultura, at Lipunan**
**Prop. Odessa N. Joson (Ma'am Ow)**

GABAY SA PAG-AARAL: MODYUL F

Introduksiyon

Ang modyul na ito ay pagpapatuloy ng talakayan sa Modyul E. Tatalakayin ng modyul na ito ang dalawa pang usaping panlipunan na nakaaapekto sa wika. Tinutukoy rito ang usapin ng relihiyon at politika sa wika.

Layunin sa Pagkatuto:

Sa katapusan ng Modyul F, inaasahan na ikaw ay:

1. Makatutukoy ng iba't ibang usaping panlipunan na nakaaapekto sa pagpapakahulugan sa wika;

2. Makapagbabalangkas ng mga manipestasyon at halimbawa sa wika ng mga usaping panlipunan;

3. Makasusuri sa masalimuot na ugnayan ng wika at usaping panlipunan.

Wika at Relihiyon

Ipinapaliwanag ni Peregrino (2012) na ang wika ng relihiyon ay isang simbolikong wika. Gumagamit ito ng mga salita at kataga na may katumbas na kahulugan at importansya sa relihiyon. Ibinibigay niyang halimbawa, ang "pagtitiis," "pagmamahal," "paghihirap," at iba pa. Natural na nararanasan at nararamdaman ang mga salitang iyon ngunit kung gagamitin sa pahayag na "Mahal ka ng Diyos" o "si Kristo'y naghihirap" nagiging mas makahulugan at mas malalim sa konteksto ng relihiyon.

| **Gabay sa Gawain A** |
|---|
| 1. Basahin mo ang sanaysay na *Wika at Relihiyon (2012)* ni Jovy Peregrino.<br>2. Basahin mo rin ang sumusunod na tula: |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

a. *"Aba Guinoong Baria"* at *"Amain Namin"* mula sa *Dasalan at Tocsohan* ni Marcelo H. Del Pilar

b. *Bakit Kami Nagdarasal* ni Maria Luisa Torres-Reyes

3. Pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Ano-ano ang mga katangian ng wika sa relihiyon?
   b. May alam ka bang dasal? Makkita ba ang mga katangiang binanggit sa dasal na alam mo?
   c. Nakita mo ba sa mga tula ang mga katagian na binabanggit ni Peregrino? Ipaliwanag mo.

Wika at Kolonyalismo

Ayon kay David (1988), mabisang sandata ng kolonyalismo ang wika. Ang pananakop sa pamamagitan ng wika ay pangmatagalan at nanunuot sa kamalayan ng bayan. Ginagamit ng mga social institutions ang wika para isulong ang kolonyalismo kaya nagiging lalong makapangyarihan, sistemik, at malawakan. Iniaangat ang wika at kultura ng mananakop samantalang binansagang subaltern ang wikang katutubo. Sa ganitong lente rin sinusuri ni Paz (1996) ang kalagayan at pagturing sa wikang Filipino. Naging magkaiba ang sitwasyon ng pagkatuto at pagpapahalaga sa wikang katutubo at wikang Ingles.

**Gabay sa Gawain B**

1. Basahin mo ang sanaysay na *Wika bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya* (1998) ni Randy David at ang *Wika ng Naghaharing Uri* (1996) ni Consuelo Paz.

2. Pagkatapos basahin ang sanaysay, pag-isipan mo ang sumusunod:
   a. Paano nakaapekto ang Imperyalismo sa usaping pangwika sa bansa?
   b. Paano magagamit ang wika tungo sa Pambansang Pagpapalaya?
   c. Ano ang magkaibang pagtingin sa mga wika at gumagamit nito?
   d. Malaki ang pangangailangan para sa pagbabago ng kaisipan tungkol sa wika, paano ito maisasagawa?

**Gabay sa Gawain C**

Maghandang makinig at makilahok sa pag-uulat ng pangkat. Nakapaloob sa ulat ang isang maikling pagsusulit para sa mga hindi kasapi ng pangkat. Maghanda sa pagsusulit na inihanda ng pangkat. Saklaw ng pagsusulit ang mga sanaysay sa modyul na ito.

**Uri ng maikling pagsusulit**: MCQ, Short answers

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

| **Puntos ng maikling pagsusulit**: 10pts | |
|---|---|
| | |
| **Rubrik ng Pagpupuntos para sa Pangkatang Pag-uulat (10pts):** | |
| **Pagsunod sa batayang pamantayan ng gawain:** | |
| Partisipasyon ng lahat ng miyembro | 1pt |
| Obserbasyon ng batayang format | 1pt |
| **Malikhaing presentasyon ng mga idea:** | |
| Kawili-wiling format ng pag-uulat | 1pt |
| Malikhaing biswal na presentasyon | 1pt |
| **Maayos na pagbabalangkas ng paliwanag:** | |
| Pagtugon sa lahat ng katanungan | 1pt |
| Lohikal at may basehan na papapaliwanag | 2pts |
| **Malinaw na paggamit ng wika:** | |
| Ispontanyong pag-uulat | 2pts |
| Malinaw at magaan na wika | 1pt |

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)

Pangwakas

Dalawang usaping panlipunan ang tinalakay sa modyul na ito: relihiyon at kolonyalismo. Pareho nitong hinuhulma ang paggamit natin ng wika at pagbubuo ng ating realidad at pinahahalagahan. At bagaman, napakalakas ng puwersa na nagbababa sa wikang Filipino, nagpapatuloy ang pag-iral at pagsusulong nito. Sa susunod na modyul, matutunan mo na ang mga pagkilos tungo sa pagpapayaman at intelektuwalisasyon ng wika.

Mga Sanggunian:


Modyul 4 - WIKA AT USAPING PANLIPUNAN
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27598/mod_resource/content/1/WIKA%201_Modyul%204%20WIKA%20AT%20USAPING%20PANLIPUNAN.pdf

Peregrino, J. “Wika at Relihiyon.” Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N., at Petras, J., mga editor. *Salindaw: Varayti at Baryasyon ng Filipino*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 2012.
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/72328/mod_resource/content/1/Wika%20at%20Relihiyon.pdf

David, R. “Wika bilang Instrumento ng Pambansang Pagpapalaya.” *Daluyan Journal*. 2015.
https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27605/mod_resource/content/1/05%20DAVID_Wika%20Bilang%20Instrumento%20ng%20pagpapalaya.pdf

Paz, C. “Wika ng Naghaharing Uri.” *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Atienza, M at Constantino, P. ed. Lungsod Quezon: UP Press. 1996.

https://vle.upm.edu.ph/pluginfile.php/27604/mod_resource/content/1/04%20PAZ_Wika%20ng%20Naghaharing%20Uri.pdf

JOSON (ALL RIGHTS RESERVED)